# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Ang pagpapahayag ng damdamin, kaisipan at mga naisin sa buhay ay lubhang mahalaga sa bawat tao. Sa pamamagitan nito, nauunawaan natin ang iba at gayon din sila sa atin. Alisin mo ang pagpapahayag at para mo na ring kinitlan ng buhay ang isang tao.

Ang sawikain o idyoma ay isang uri ng pagpapahayag na kusang nalinang at nabuo sa ating wika. Sa ating pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, pagsasalita at pagsusulat, gumagamit tayo nito. Kaya nga't maging ang mga mamamahayag sa radyo, telebisyon at pahayagan ay gumagamit din nito upang bigyang diin at gawing kaakit-akit ang kanilang pagsasalita at pagsusulat.

Katulad ng sawikain, ang salawikain ay may ibang kahulugan bukod sa literal na ibig sabihin ng mga salitang pinagkabit-kabit upang mabuo ito. Ito ay ginagamit din sa pagpapahayag ng damdamin, ideya at kagustuhan sa paraang kaayaaya sa pandinig at pagbasa.

Layunin ng modyul na ito na tulungan kang bumasa at umunawa ng kahulugan ng mga gamiting sawikain at salawikain. Gagabayan ka nito sa pagbuo ng mga pangungusap na ginagamitan ng idyoma. Magiging kaiga-igaya para sa iyo ang pag-aaral mo sa modyul na ito sapagkat naghanda rin kami ng *tape* na kariringgan mo ng pangkaraniwang mga idyoma at salawikain.

Ang modyul na ito ay nahahati sa dalawang aralin:

Aralin 1 – *Sawikain: Basahin at Gamitin*

Aralin 2 – *Mga Salawikaing Gabay sa Buhay*

Handa ka na bang pag-aralan ang modyul na ito? Halika't sabayan mo ako!

# Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- kumilala ng mga sawikain at salawikain sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig;
- ipaliwanag ang kahulugan ng mga idyoma at salawikaing karaniwang ginagamit sa radyo at telebisyon; at
- gumamit ng mga sawikain at salawikain sa pagsasalita at pagsusulat.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo Tungkol sa Paksa?

Bago mo simulan ang iyong pag-aaral sa modyul na ito, subukin mo munang sagutan ang ilang mga katanungan sa ibaba na susukat sa iyong kaalaman sa paksang tatalakayin natin ngayon.

A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang idyoma o sawikain ay
   a. may kahulugang hindi maaaring makuha o maunawaan sa literal na kahulugan nito.
   b. isang pagpapahayag na kusang nalinang at nabuo sa lingguwaheng Filipino.
   c. may taglay na mga bagay na pangkultura: malarawan, mapagbiro, mapagpatawa, pansosyal at panliteral na pagpapahiwatig ng kahulugan.
   d. lahat ng mga nabanggit sa itaas.

2. Ang salawikain ay
   a. isang uri ng bugtong.
   b. isang uri ng idyoma.
   c. kasabihang pamana ng mga ninunong Pilipino na nagpalipat-lipat sa mga labi ng salinlahi.
   d. birong may katotohanan.

3. Alin sa mga ito ang idyoma?
   a. nagbabatak ng buto
   b. Nasa Diyos ang awa,
      Nasa tao ang gawa.
   c. Ang magalang na sagot ay nakapapawi ng poot.
   d. Pag di ukol ay di bubukol.

4. Alin sa mga ito ang salawikain?
   a. nagsaulian ng kandila
   b. may krus ang dila
   c. mabulaklak ang dila
   d. Daig ng maagap ang masipag.

5. Bakit importante ang mga sawikain at salawikain?
   a. Hindi naman importante ang mga ito.
   b. Ang mga ito ang nagpapaalaala sa atin tungkol sa mayamang tradisyon ng lahing Pilipino.
   c. Nakapapawi ng pagod ang mga ito kapag nabasa mo.
   d. Nakaaaliw ang mga ito.

B. Pagtapat-tapatin. Hanapin sa Hanay B ang kahulugan ng idyomang nasa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| | Hanay A | Hanay B |
|---|---|---|
| _______ | 1. anak-pawis | a. tandaan |
| _______ | 2. bukambibig | b. nabigo sa pag-ibig |
| _______ | 3. matigas ang katawan | c. hindi makapagsalita |
| _______ | 4. malaking isda | d. nagkagulo |
| _______ | 5. itaga sa bato | e. nagkagalit |
| _______ | 6. balitang kutsero | f. mayaman |
| _______ | 7. naghalo ang balat sa tinalupan | g. tamad |
| _______ | 8. nabuwalan ng gatang | h. salat sa katotohanan |
| _______ | 9. naumid ang dila | i. manggagawa |
| _______ | 10. nagsaulian ng kandila | j. kinakabahan |
| | | k. laging sinasabi |

C. Pagtapat-tapatin. Hanapin sa Hanay B ang kahulugan ng salawikaing nasa Hanay A.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Magsisi ka man at huli Wala nang mangyayari | a. Ang sinumang umako ng kasalanan ay siyang mapaparusahan. |
| 2. Ang pagsasabi ng tapat, pagsasama ng maluwat. | b. Huwag kang mamimintas dahil baka mas marami kang kapintasan kaysa sa kaniya. |
| 3. Kung sino ang umaako Siyang napapako. | c. Palaging katotohanan ang dapat sabihin upang hindi mawala ang pagtitiwala. |
| 4. Hindi lahat ng kumikinang ay ginto | d. Kahit magsisi ka, hindi mo na maibabalik pa ang nakaraan. Wala ka nang magagawa pa. |
| 5. Bago ka pumuna ng uling ng iba, uling sa mukha mo'y pahirin mo muna. | e. Puro kasinungalingan ang sinasabi. |
| | f. Huwag magtiwala muna kaagad sa taong akala mo ay galante, mabait at mabuti ang kalooban. Baka ito ay nagpapanggap lamang at kukunin lang ang pagtitiwala mo. |

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 43.

Kung tama ang lahat ng iyong kasagutan, magaling! Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang maragdagan ang iyong kaalaman.

Kung may mali sa iyong mga sagot, huwag mabahala. Pag-aralan ang modyul upang maintindihan ang paksa nito. Buklatin sa susunod na pahina para sa unang aralin.

# Sawikain: Basahin at Gamitin

Gumagamit ka ba ng sawikain sa iyong pang-araw-araw na buhay? O ito'y naririnig mo lang na sinasambit ng iba pero hindi mo naiintindihan ang kahulugan? O kaya nama'y nababasa mo sa mga pahayagan at iba pang babasahin? Kaya mo ba itong kilalanin mula sa lipon ng mga salita?

Ang araling ito ay tatalakay sa mga paraang gagamitin mo upang maging marunong ka sa pagkilala ng mga idyomang ginagamit sa sitwasyon o pangungusap.

Matapos mong pag-aralan ang araling ito, makakaya mo nang:

- maipaliwanag ang kahulugan ng mga sawikaing ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, pagsasalita at pagsusulat;
- matukoy ang mga idyomang ginagamit sa iyong mga naririnig mula sa radyo at napapanood sa telebisyon; at
- maipaliwanag ang ibig sabihin ng mga idyomang ito.


## Pakinggan at Basahin Mo

Hingin mo sa iyong *Instructional Manager* ang *cassette player* at *tape* para sa modyul na ito. Pakinggan mo ang *Unang Bahagi ng Tape, Balitang Kutsero.* Habang nakikinig ka, basahin mo ang maikling kuwento sa ibaba at isipin mo kung ano ang ibig sabihin ng kuwento.





Mabuti na lang at mabait ka, bayaw.
Ang sabihin mo, mabuti na lang at hindi kita pinatulan. Kung sira lang ang ulo ko, lagot ka sa akin, Arpee.
Oo nga. Kaya't sising-sisi ako sa mga nabitawan kong mga salita.
Ano ba kasi ang buong pangyayari?
Namamalengke kasi ako noong makalawa nang lumapit sa akin si Marta. May hatid siya sa aking balita.
MARKET
Ay, Marta, ayokong makinig sa mga balitang kutsero mo, ha? Wala akong mapapala diyan. Saka hindi gagawin 'yan ng asawa ko. Mahal na mahal ako noon.
Naku, Arpee, ipapaputol ko ang daliri ko kung hindi totoong naglalaro ng apoy ang asawa mo. Nakita ko nga silang magkaakbay sa may labasan. At ang saya-saya nila.
O, siya, totoo na kung totoo.
Ay naku, talaga! Maniwala ka sa akin. Ako pa. . .
Umuwi akong masamang-masama ang loob.
Sofia, Sofia. Buksan mo nga itong pinto.
Nariyan na, mahal, sandali lang.


Hindi ko pinahalata sa kanyang nagseselos ako.
Bakit ang tagal mong buksan ang pintuan? Totoo nga siguro ang balita, ano?
Ano ba'ng sinasabi mo? Hindi kita maintindihan.
Ah, wala.
Ano ba ang nangyayari sa iyo? Diyan ka na nga at masusunog ang niluluto ko.
Dala-dala ko sa isip ko ang sinabi ni Marta hanggang sa hindi na ako makatiis.
Marta, saan mo sila nakitang pumunta?
Sa bahay sa may gulod.
Yung bagong bahay doon?
Oo. O, maghunus-dili ka, ha? Huwag kang padalus-dalos. Saka huwag mong sabihing ako ang nagsabi, ha?
Natawa lang ako. Pero buo na sa isip ko ang pagpunta rito.
Kaya pala ang aga-aga mo sa bahay.
Oo. Para nga akong natuka nang ahas nang makasalubong ko si Fely kanina.
Hindi ka kasi nagtatanong muna, eh.






## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Isulat ang mga sawikaing ginamit sa diyalogo.

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ____________________________________________
6. ____________________________________________
7. ____________________________________________
8. ____________________________________________

Naisulat mo bang lahat ang mga idyoma? Tingnan mo kung ang mga isinulat mo ay katulad ng mga nasa ibaba.

1. balitang kutsero
2. naglalaro ng apoy
3. naghalo ang balat sa tinalupan
4. parang natuka ng ahas
5. bulang-gugo
6. itaga mo sa bato
7. maglubid ng buhangin
8. makati ang dila

Alam mo ba ang kahulugan ng mga idyomang ito? Alam mo rin ba kung paano sila nabuo? Ipagpatuloy mo ang pag-aaral sa modyul upang malaman mo.



## Subukan Natin Ito

Ano ang ibig sabihin ng mga idyomang nabanggit? Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sabi ni Julia sa asawa, "*Itaga mo ito sa bato*. Kahit hindi nila ako tulungan, aangat ang ating kabuhayan."

   a. Mananaga si Julia.

   b. Tutuparin ni Julia nang walang sala ang kanyang sinabi.

   c. Pupukpukin ni Julia ang bato.

   d. Tatagain ni Julia ang bato.

2. Kung gusto mong *maglubid ng buhangin*, huwag sa harap ng mga taong nakakikilala sa iyo dahil mabibisto ka nila.

   a. magsabi ng katotohanan

   b. magsinungaling

   c. maglaro sa buhanginan

   d. magpatiwakal

3. Bakit hindi ka makasagot diyan? *Para kang natuka ng ahas, a*.

   a. namumutla

   b. nangangati ang lalamunan

   c. may ahas na nakapasok sa bahay

   d. hindi nakakibo; nawalan ng lakas na magsalita

4. Puro *balitang kutsero* ang naririnig ko sa kapitbahay nating iyan. Ayoko na tuloy maniwala sa kanya.

   a. balitang sinabi ng kutsero

   b. balitang walang katotohanan

   c. balitang makatotohanan

   d. balitang maganda

5. *Naghalo ang balat sa tinalupan* nang malaman niya ang katotohanan.

   a. matinding labanan o awayan sa pagitan ng dalawa o higit pang mga tao

   b. pinagsama-sama ang mga balat at tinalupan

   c. nagkaigihan

   d. nagkabati

6. Napauwi kaagad galing sa Estados Unidos si Ricardo dahil nabalitaan niyang ang asawa niya ay *naglalaro ng apoy.*

   a. nagluluto
   b. nagpapainit
   c. nasunugan
   d. nagtataksil sa kanyang asawa

7. *Bulang-gugo* si Tompet dahil anak-mayaman siya.


   a. mata-pobre
   b. galante; laging handang gumasta
   c. parating wala sa bahay
   d. laging kasapi sa lipunan

8. Walang magawa ang mga kapitbahay naming *makakati ang dila* kaya't maraming may galit sa kanila.

   a. may sakit sa dila
   b. daldalero o daldalera
   c. may singaw
   d. nakagat ang dila

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 44. Nasagot mo bang lahat ang katanungan nang wasto?

Madali mong malalaman ang kahulugan ng idyoma sa pamamagitan ng pangungusap na kinapapalooban nito. Mayroong mga salitang kaugnay sa pangungusap na nagpapahiwatig ng ibig sabihin nito.



## Alamin Natin

Ang **idyoma** ay isang pagpapahayag na kusang nalinang at nabuo sa lingguwaheng Filipino. Ito'y may kahulugan na hindi maaaring makuha o maunawaan sa literal na kahulugan nito. May naiiba itong kahulugan sa literal o tahasang pahayag. Kadalasa'y taglay nito ang maraming pangkulturang bagay: malarawan, mapagbiro at mapagpatawa. Nagtataglay din ito ng pansosyal at panliteral na pagpapahiwatig ng kahulugan. Bunga nito, mahalagang malaman mo na kinakailangang maisaulo ang mga salitang bumubuo ng idyoma gayundin ang ayos nito. Kung sakaling ang idyoma ay ginagamitan ng pandiwa, ang bahaging pandiwa ay kailangang sumunod sa tatlong panahunan ng pandiwa na gaya ng sumusunod:

- pangkasalukuyan – kilos na nagaganap sa kasalukuyan

  halimbawa: *umaalon ang dibdib* – kinakabahan

  *Umaalon ang dibdib* ni Pedro sa tuwing makikita niya ang kanyang kaaway.

- pangnagdaan – kilos na naganap o nangyari na

  *Umalon ang dibdib* ni Pedro nang makita ang kanyang kaaway.

- panghinaharap – kilos na isasagawa pa lamang

  Tiyak na *aalon ang dibdib* ni Pedro kapag nakita niya ang kanyang kaaway.

Ngayon alamin mo ang kahulugan ng mga idyomang ginamit sa dayalogo.

| | **Idyoma** | **Kahulugan ng Idyoma** |
|---|---|---|
| 1. | *balitang kutsero* | balitang salat sa katotohanan |
| 2. | *naglalaro ng apoy* | nakikisama o nakikipagmabutihan sa di niya asawa; pagtataksil sa kabiyak |
| 3. | *naghalo ang balat sa tinalupan* | nagkagulo |
| 4. | *parang natuka ng ahas* | nabigla, natigilan |
| 5. | *bulang-gugo* | maluwag sa pera; galante |
| 6. | *itaga mo sa bato* | tandaan; tutuparing walang sala |
| 7. | *mahilig maglubid ng buhangin* | sinungaling |
| 8. | *makati ang dila* | daldalero/daldalera |



## Subukan Natin Ito

Mayroon ka bang alam na iba pang mga idyoma? Maaaring ito ay nabasa mo sa ibang aklat o pahayagan. Maaari ka ring magtanong sa iyong mga kasambahay o kaibigan. Isulat mo ang mga idyomang ito at ang kanilang kahulugan.

1. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
2. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
3. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
4. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
5. ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 45. Kung ang mga sagot mo ay wala sa *Batayan sa Pagwawasto*, lapitan mo ang iyong *Instructional Manager* at ipakita mo ang iyong mga sagot.



## Magbalik-aral Tayo

Tingnan natin kung naintindihan mo na ang mga idyomang tinalakay. Palitan ng idyoma ang pariralang may salungguhit. Isulat ang sagot sa patlang.

1. <u>Nagkagulo ang mga tao</u> nang dumating ang pulitikong nangakong magbibigay ng tulong sa mga nasunugan.

   ____________________________________________

2. Hindi tayo dapat naniniwala sa mga <u>balitang salat sa katotohanan.</u>

   ____________________________________________

3. Si Don Pedro ay mahal na mahal ng kanyang mga tauhan. Siya ay mabait, madaling lapitan at maluwag sa pera lalo na sa nangangailangan.

    ______________________________________________

4. Huwag kang magtitiwala sa mga taong sinungaling. Baka masangkot ka lamang sa kapahamakan.

    ______________________________________________

5. Ang taong nakikisama sa di niya asawa ay hindi dapat pamarisan. Ito ay isang masamang gawain.

    ______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 45.



## Tandaan Natin

Kailangan mong tandaan ang ayos ng mga salita ng idyoma kung nais mong maging bihasa sa paggamit ng mga ito.



## Makinig Tayo

Tuwang-tuwa kang nakikinig sa paborito mong drama sa radyo. Subalit mapuputol ito panandalian dahil sa isang maikling balita. Pakinggan mo ang *Ikalawang Bahagi ng Tape, Balitang-balita.*

**Balitang-balita**

Mga Tauhan: Tagapagsalaysay, lalaki
Don Felipe, mayamang haciendero, 60 taong gulang
Graciela, kasintahan ng anak ni Don Felipe, 18 taong gulang
Madel, walong taong gulang
Nita, ina ni Madel, 40 taong gulang

Nakikinig ka ng drama sa radyo nang biglang putulin ang iyong pakikinig ng isang balita:

*Don Felipe*: Pakinggan mo ako, iha. Hindi ikaw ang karapat-dapat sa anak kong si Alejandro. Saka hindi mo ba alam na nalalapit na ang pag-iisang dibdib nila ni Marinela?

*Graciela*: Hindi. Hindi totoo 'yan.

*Don Felipe*: Maniwala ka. Totoong lahat ang sinasabi ko.

At pumalit ang boses ng tagapagbalita:

*Tagapagbalita*: Pansamantala naming pinuputol ang inyong pakikinig upang ihatid sa inyo ang mga balitang ito sa inyong mga tahanan.

Ang apat na anghel ng tahanan na napabalitang nag-alsa-balutan noong ika-anim ng Marso ay natagpuan na.

Sina Madel, Edgar, Bernarda at Mildred Tolosa ay nakabalik na sa kanilang sariling pugad. Malaki ang utang-na-loob ng mag-asawang Mark at Nita kay Ginoong Celso Agoncillo. Natagpuan ng matandang binata ang apat na batang palaboy-laboy sa may liwasan ng Sto. Rosario, Paombong, Bulacan.

Nang tanungin kung bakit lumayas ang mga bata, ito ang isinagot ng pinakamatanda sa magkakapatid.

*Madel*: Hindi naman po nila kami pinagbubuhatan ng kamay. Kaya lang po ay parang aso't pusa po ang aming mga magulang. Wala na po kaming narinig kundi ang kanilang pag-aaway.

*Nita*: Hinding-hindi na kami mag-aaway. Magbabagong-loob na kaming mag-asawa. Hu-hu-hu! Mga anak ko. Hu-hu-hu!

*Tagapagbalita*: Nawa ay maging aral ito sa inyong mga magulang!

Matapos ang balita ay nagbalik muli ang iyong pinakikinggang drama sa radyo. Sagutin mo ang mga katanungan sa susunod na gawain.



## Subukan Natin Ito

Napansin mo ba ang mga katagang nakasalungguhit sa kuwentong napakinggan at nabasa mo? Sa mga napakinggan mo, mahuhulaan mo ang kahulugan ng mga diyalogo sa pagitan ng mga tauhan ng kuwento. Isipin mo kung ano ang sinabi nila. Ano ang nakatagong kahulugan na maaaring mong malaman mula sa kanila?

Matapos mong pag-isipan kung ano ang mga sinabi nila, sagutin mo ang mga katanungan sa ibaba. Bilugan lamang ang titik ng tamang sagot.

1. Sa drama sa radyo, nasabi ni Don Felipe na malapit na ang pag-iisang dibdib ng kanyang anak na si Alejandro at ni Marinela. Ano ang ibig sabihin nito?

   a. ikakasal na sina Alejandro at Marinela
   b. magkaka-anak na sina Alejandro at Marinela
   c. maghihiwalay na sina Alejandro at Marinela
   d. magiging magnobyo na sina Alejandro at Marinela

2. Ang apat na anak nina Nita at Mark ay tinaguriang mga anghel ng tahanan. Ano ang ibig sabihin nito?

   a. maliliit na mga bata
   b. magugulong mga bata
   c. malilikot na mga bata
   d. salbaheng mga bata

3. Nang umuwi na ang mga bata ay nakabalik na sila sa sariling pugad nila. Ano ang ibig sabihin nito?

   a. pugad ng kanilang ibon
   b. pugad ng kanilang mga manok
   c. sariling tahanan
   d. sariling kuwarto

4. May utang na loob ang mag-asawang Nita at Mark kay Ginoong Agoncillo dahil sa pagkakabalik ng mga bata. Ano ang utang na loob?

   a. utang
   b. may pagbabayaran
   c. utang na pera
   d. utang na buhat sa kagandahang-asal o kabutihang nagawa

5. Ang mag-asawang Mark at Nita ay parang aso't pusa. Bakit sila parang aso't pusa?

   a. hindi sila pantay ng laki
   b. lagi silang nag-aaway
   c. hindi sila nagbibigayan
   d. lagi silang naghahabulan

6. Nag-alsa balutan ang magkakapatid dahil sa kanilang mga magulang.

   a. palipat-lipat ng tirahan
   b. nagbalot ng pagkain
   c. binalot ang gamit
   d. naglayas

7. Hindi pinagbubuhatan ng kamay ng mag-asawa ang kanilang anak.

   a. hindi pinagtatrabaho
   b. hindi inaakay
   c. hindi pinapalo o sinasaktan
   d. hindi pinaghuhugas ng pinggan

8. Dahil sa nangyari, <u>magbabagong-loob</u> na raw si Nita pati na rin ang asawa niyang si Mark.

   a. maliligo
   b. magbabago o magpapalit ng ugali o kuro-kuro
   c. magpapalit ng damit panloob
   d. magbibihis

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 45–46.

O, kumusta na? Nakuha mo bang lahat ang mga sagot? Madali mo namang maiintindihan ang ibig sabihin ng mga sawikain. Ang pangungusap na kinapapalooban nito ay nagbibigay ng mga katagang nagiging susi upang maunawaan mong mabuti ang kahulugan nito.



## Makinig Tayo

Pakinggan mo ang *Ikatlong Bahagi ng Tape, Makinig Tayo.* Piliin mula sa mga sawikaing nasa loob ng kahon ang tamang sagot. Isulat mo sa patlang ang mga idyomang naaangkop sa bawat sitwasyong maririnig mo. Pagkatapos, gamitin mo ang sawikain sa sarili mong pangungusap.

| | |
|---|---|
| nagbabagong-loob | parang aso't pusa |
| nag-alsa balutan | utang-na-loob |
| pinagbuhatan ng kamay | pag-iisang dibdib |

1. Sawikain: ______________________________________________

   Pangungusap: __________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Sawikain: ______________________________________________

   Pangungusap: __________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Sawikain: ________________________________________

Pangungusap: ________________________________________

________________________________________

________________________________________

4. Sawikain: ________________________________________

Pangungusap: ________________________________________

________________________________________

________________________________________

5. Sawikain: ________________________________________


Pangungusap: ________________________________________

________________________________________

________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 46–47.

Kumusta na? Ano ang nakuha mong iskor? Mataas ba? Kung mataas ang iskor mo, magaling! Nakasusunod kang mabuti sa aralin. Kung hindi naman ay huwag kang mag-alala. Okay lang iyan. Ang ibig lang sabihin ay kailangan mong pagbalik-aralan ang mga natapos mo na.



## Alamin Natin

Ang pagkakasunod-sunod ng mga salitang kabilang sa sawikain ay hindi dapat palitan o baguhin dahil pag nagkaganoon ay maiiba na ang kahulugan nito.

Tingnan natin ang idyomang *di makabasag-pinggan.* Ang ibig sabihin nito ay mahinhin o mabait masyado. Ganito ang gamit nito sa pangungusap: Ang *di makabasag-pinggang* dilag na nakilala ko noong isang taon ay nakapangasawa na.

Ngayon kung babaliktarin natin ang pagkakaayos ng idyoma ay magiging *pinggang di mabasag* ito. Ang ibig sabihin ay hindi ito gawa sa materyal na nababasag. Naiba na ang kahulugan, hindi ba? Ganito ang gamit nito sa pangungusap: Ang *pinggang di mabasag* ay puno na nang gasgas.

Isa pang halimbawa ay ang sawikaing *batakin ang katawan.* Ang kahulugan nito ay sasanayin ang katawan sa paggawa. Kapag ito ay binaligtad at naging *katawang batak* ang ibig sabihin nito ay sanay na ang katawan sa trabaho. Ang una ay panghinaharap at ang ikalawa naman ay pangkasalukuyan.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Narito ang ilan pang mga sawikain na maaari mong gamitin sa pagpapahayag ng damdamin at ideya. Mahuhulaan mo ba ang ibig sabihin ng mga ito batay sa pagkakagamit nila sa pangungusap o sitwasyon?

1. Dapat tayong magpasalamat sa mga anak-pawis dahil sila ang nagtutustos sa pangangailangan natin sa pagkain.
2. Wala na naman sa bahay ang kapatid ko. Paano kasi makati ang paa.
3. Mabigat ang dugo ko sa taong 'yan dahil sa katarantaduhang ginawa niya.
4. Namuti ang mata ko dahil isang oras akong pinaghintay ng aking kausap.
5. Hindi sila nakatatapos ng proyekto dahil ningas-cogon sila.
6. Wala na siyang bukambibig kundi si Arnold.
7. Hindi makakahanap ng trabaho si Cenon dahil matigas ang katawan niya.
8. Nakabingwit ka pala ng malaking isda.
9. Lulugo-lugong umuwi si Timmy dahil nabuwalan siya ng gatang.
10. Naumid ang dila ni Karen nang makita niya muli ang lalaking nagpatibok sa kanyang puso.
11. Kung hindi mo maibibigay ang gusto ko, mabuti pang magsaulian na lang tayo ng kandila.
12. Ang buhay ni Dick ay isang bukas na aklat sa kanyang mga kasamahan.

Iyan ang mga halimbawa ng sawikaing maaari mong gamitin sa pakikipag-usap o pagpapahayag ng damdamin o ideya. Maaari ring gamitin ang mga ito sa pagsusulat. Pero huwag mong sosobrahan ang paggamit ng mga ito dahil hindi na magandang pakinggan. Mahihirapan nang umintindi ang nakikinig o bumabasa nito.



## Sagutin Natin Ito

Pagtambal-tambalin mo ang mga sawikain sa Hanay A sa kanilang mga kahulugan sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang na nakalaan.

**Hanay A**

_______ 1. anak-pawis

_______ 2. makati ang paa

_______ 3. mabigat ang dugo

_______ 4. namuti ang mata

_______ 5. ningas-cogon

_______ 6. bukambibig

_______ 7. matigas ang katawan

_______ 8. malaking isda

_______ 9. nabuwalan ng gatang

_______ 10. naumid ang dila

_______ 11. magsaulian ng kandila

_______ 12. bukas na aklat

**Hanay B**

a. nasusuklam; walang anumang pagkalugod

b. magsasaka; manggagawa

c. karaniwang sinasabi; madalas mabanggit

d. alam ng lahat; hayag sa lahat

e. mahilig sa gala, lakad o pag-alis

f. tamad

g. nagkagalit ang magkumpare/ magkumare; di nagkasundo

h. mayaman

i. panandalian; di-pangmatagalan

j. nainip sa kahihintay; matagal nang naghihintay

k. nakipagbati; nakipag-areglo

l. hindi makapagsalita

m. nabigo sa pag-ibig

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 47.

## Subukan Natin Ito

Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na mga idyoma:

1. bukambibig

2. mabigat ang dugo

3. namuti ang mata

4. anak-pawis

5. mahilig maglubid ng buhangin

Ipakita mo ang iyong mga kasagutan sa iyong *Instructional Manager* upang malaman kung tama ang iyong mga ginawa.

## Tandaan Natin

Ang mga sawikain ay may kahulugang hindi maaaring makuha o maunawaan sa literal na kahulugan nito.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Salungguhitan ang tamang sawikain.

1. (Bukas na aklat, Malaking isda) ang tawag sa mga taong mayaman o may mataas na puwesto sa pamahalaan.
2. (Nabuwalan ng gatang, Nagsaulian ng kandila) ang sawikaing angkop sa nagkakagalit na magkumpare o magkumare.
3. (Naglubid ng buhangin, Bukas na dibdib) ang ginagamit na idyoma kapag nagkukuwento ka ng mga kasinungalingan.
4. (Matigas ang katawan, Naumid ang dila) ang tawag sa taong tamad.
5. (Bulang-gugo, Naglalaro ng apoy) ang idyomang maaaring gamitin para sa taong maluwag sa pera o galante.

B. Palitan ng mga idyomang napag-aralan mo ang mga salitang may salungguhit. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

1. Hindi nakapagsalita ang binata nang makaharap ang dalagang sinisinta.

   ______________________________________________

2. Si Alfred ay mapagsalita nang labis sa katotohanan.

   ______________________________________________

3. Kinabahan si Aling Clara nang matanaw ang maraming tao sa kanilang bahay.

   ______________________________________________

4. Ang magsing-irog ay naghahanda na para sa kanilang kasal.

   ______________________________________________

5. Laging sinasabi ni Edwin na siya ay mag-aaral nang mabuti upang makatapos ng kurso at makakita ng magandang trabaho.

   ______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 47. Kumusta? Ano ang nakuha mong iskor? Kung nakuha mong lahat ang mga sagot ay maaari ka nang magpatuloy sa susunod na aralin. Kung hindi naman ay pagbalik-aralan mo ang mga hindi mo nakuha.

# Mga Salawikaing Gabay sa Buhay

Malimit tayong makarinig ng mga salitang gaya ng “Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa” at “Kung may isinuksok, may madudukot.” Ano ang ibig sabihin ng mga ito? Ang mga ito ay salawikain. Pareho ba ito sa sawikain?

Ang salawikain ay pamana at kalinangan ng lahi na hindi dapat kalimutan o kaya ay isaisantabi na lamang. Sa pamamagitan nito, maibabahagi natin sa mga susunod na salinlahi kung gaano kayaman ang ating wika. Tatalakayin sa modyul na ito ang iba’t ibang salawikaing naririnig natin sa tuwi-tuwina at kung ano ang kaibahan nito sa mga sawikain o idyoma.

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, makakaya mo nang:

- ♦ maipaliwanag ang kahulugan ng mga salawikaing ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, pagsasalita at pagsusulat;
- ♦ magtukoy ang mga salawikaing ginagamit sa iyong mga naririnig mula sa radyo at napapanood sa telebisyon; at
- ♦ maipaliwanag ang ibig sabihin ng mga salawikaing ito.



## Pag-aralan at Suriin Mo

Pakinggan mo ang *Ikaapat na Bahagi ng Tape, Mga Salawikain.* Habang nakikinig ka ay basahin mo rin ang kuwento rito sa iyong modyul. Kaya mo bang tukuyin ang sampung salawikaing nakapaloob sa mapapakinggan mong drama sa radyo? Kapag natukoy mo ang mga salawikain, pag-aralan mo kung ano ang ibig ipahiwatig ng mga ito at kung paano ito naaangkop sa sitwasyon.

Ika-anim ng gabi sa tindahan ni Aling Maria:

*Crowd*: Ha-ha-ha. Nakatatawa talaga itong si Delfin.

*Sabas*: Shhh! Huwag kayong maingay at daraan ang prinsesa ng buhay ni Mauricio.

*Crowd*: Uyyy! Ha-ha-ha!

*Mauricio*: Tumahimik nga kayo’t nariyan na sila ni Milet. (tatahimik saglit)

Babatiin ni Mauricio si Yvonne ng . . .

*Mauricio*: Magandang gabi, Yvonne.

*Milet*: Magandang gabi raw, hoy.

*Yvonne*: Magandang gabi rin. Hmp.

Kinabukasan . . .

*Milet*: May nililoob ka ba kay Mauricio, Yvonne? Mukhang patay na patay sa iyo ang mama, a.

*Yvonne*: Ano bang pinagsasasabi mo riyan? Mamamatay na muna ako bago ko ibigin ang lalaking iyon.

*Milet*: Huuuu, tulak ng bibig, kabig ng dibdib.

*Yvonne*: Tama ka na nga riyan.

*Milet*: Ano pa bang hahanapin mo roon? Guwapo . . . makisig . . . mabait . . .

*Yvonne*: Ayoko nga roon. Ano na lang ang mangyayari sa buhay namin? Mahirap pa siya sa daga, a. Saka, parang ang dungis-dungis niya sa kanyang mga suot. Ayoko nang ganoon.

*Milet*: Tingnan mo ‘to. Bago ka pumuna ng uling ng iba, uling sa mukha mo’y pahirin mo muna.

*Yvonne*: Hoy, mahirap nga ako pero malinis naman akong manamit. Saka may pangarap ako, ‘no? Hindi sa isang tulad lang niya ako babagsak.

*Milet*: Baka kainin mo yang mga sinasabi mo, ha?

Pagkalipas ng ilang linggo . . .

*Mauricio*: Tao po, tao po.

*Nanay*: Tingnan mo nga iyon, Yvonne. May nagpapatao po.

*Yvonne*: Sino ‘yon? Naku, si . . .

*Mauricio*: Yvonne, maaari bang makituloy?

*Yvonne*: Ha? Ah, eh . . . sandali lang. Sige, bababa na ako.

Pagkalipas ng ilang buwan . . .

*Milet*: Balita ko, panay daw ang dalaw ng *prince charming* mo, ah?

*Yvonne*: At sino naman ang nagsabi sa iyo niyan?

*Milet*: Aba, eh, di ang nakababata mong kapatid.

*Yvonne*: Si Chito?

*Milet*: Sino pa ba? Mukhang nagkakaigihan na kayo, ah. Alam mo, pag dinaan sa tiyaga, maaabot din ang nasa.

*Yvonne*: Puwede ba? Diyan ka na nga at marami pa akong gagawin dito sa bahay.

*Milet*: Hoy, di ka na mabiro eh.

At ikakasal ang dalawang magsing-irog:

*Crowd*: Maligayang bati. Maligayang bati sa inyo, Mauricio, Yvonne. Ha-ha-ha!

Pagkaraan ulit ng ilang buwan . . .

*Yvonne*: Ano? Bumitiw ka sa iyong pinagtatrabahuan? (mataas ang boses) Eh, kakakasal pa lang natin, ah?

*Mauricio*: May kapalit naman kaagad na trabaho, eh.

*Yvonne*: Bakit ka ba nag-*resign?*

*Mauricio*: Hindi ko na matagalan ang panggigipit sa akin ni Mang Reynante. Sobra na.

*Yvonne*: Saan naman itong bago mong papasukan?

*Mauricio*: Doon kina Tandang Sebio. Medyo maganda ang sahod doon.

*Yvonne*: Tsk. Wala akong tiwala sa taong iyon. Mag-ingat ka. Tandaan mo: Hindi lahat ng kumikinang ay ginto, sapagkat may sarili ring kinang ang tanso.

Isang araw . . .

*Mauricio*: Mahal, nakaluto ka na ba?

*Yvonne*: Ay, nariyan ka na pala. Halika't kumain na tayo. Gutom na ako pati na rin itong *baby* natin. Kumusta? Bakit para kang lulugo-lugo?

*Mauricio*: Paano naman ay kulang na naman ang sinuweldo ko. Binawasan na naman ako ni Tandang Sebio.

*Yvonne*: Napakatuso kasi ng matandang iyon. Hindi naman niya matatangay sa hukay ang kayamanan niya.

*Mauricio*: Akala ko pa naman nang umalis ako kina Mang Reynante tapos na ang paghihirap ko. Mas matindi pa yata itong si Tandang Sebio. Talagang saan mang gubat ay may ahas.

*Yvonne*: Pinagtiisan mo na lang sana. O kaya naman ay kinausap mo. Ang pagsasabi raw ng tapat, pagsasama ng maluwat.

*Mauricio*: Ang problema nga ay marami tayong babayaran ngayong buwan dahil kabuwanan mo na at magbabayad din tayo ng buwis sa ating lupa't bahay.

*Yvonne*: Hayaan mo't makararaos din tayo. Habang maiksi ang kumot, matuto munang mamaluktot. Kung mahaba at malapad, saka na mag-unat-unat.

*Mauricio*: Ay, ganoon na nga. Yan ang gusto ko sa iyo, Mahal. Napakadunong mo. Halika nga't nang mahagkan kita. (Tsup)

*Yvonne*: Ha-ha-ha. Kabuwanan ko na nga, ano? Ay! Ha-ha-ha.

Makalipas ang ilang taon . . .

*Mauricio*: Jun! Jun! Halika nga. Lintik na bata ito.

*Yvonne*: O bakit ka nagbububunganga riyan? Ano ba ang ginawa ng bata?

*Mauricio*: Pinakialaman yung telebisyon natin. Ayun nabagsak. Sinabi ko na ngang huwag nang ibahin ang puwesto dahil masikip ang pinagpapatungan.

*Yvonne*: Pabayaan mo na.

*Mauricio*: Anong pabayaan? Makinig ka sa akin. Anak na hindi paluhain, ina ang patatangisin.

*Yvonne*: Hindi naman siguro.

*Mauricio*: Anong hindi? Tingnan mo nga ang anak nina Augusto. Nag-asawa agad. Paano, lahat nang gusto ng bata, ibinigay ng mga magulang. Tapos ngayon nagsisisi na. Ang akala ay madali lang ang pag-aasawa. May kasabihan nga ang mga matatanda. Akala ni Kapaho: ang pag-aasawa'y biro; kanin bagang isusubo't iluluwa kung mapaso.

*Yvonne*: Iba si Jun at iba naman si Noel na anak ni Agusto.

*Mauricio*: Mabuti na ang nag-iingat. Kailangang maturuan natin ng kagandahang-asal ang bata hangga't maaga. Kundi ay kalalakhan niya ito.

Isang hapon . . .

*Yvonne*: Aling Maring, bakit ho? Ano'ng nangyari? Saan ho pupunta ang mga pulis na iyon?

*Aling Maring*: Aba'y doon sa pinagtatrabahuan ng asawa mo.

*Yvonne*: Ho? Naku, baka kung mapano na ang asawa ko.

*Aling Maring*: Eh ayan palang asawa mo.

*Yvonne*: (sisigaw) Mauricio! Bakit? Ano ang nangyari?

*Mauricio*: (humahangos, hinihingal) Nanakawan kagabi si Tandang Sebio. May hinalang ang grupo raw nina Max Taga ang gumawa.

*Yvonne*: Hindi ba't nagtrabaho rin doon si Max?

*Mauricio*: Oo.

*Aling Maring*: Hay, naku. Tingnan mo nga naman. Matalino man daw ang matsing, napaglalalangan din.

*Yvonne*: Paano na iyan?

*Mauricio*: Mabuti na lang at nakaseguro ang gusali ni Tandang Sebio.

*Yvonne*: Buti na lang nga. Kundi lahat tayo ay tutunganga.

Ano, nagustuhan mo ba ang kuwento nina Mauricio at Yvonne? Mabuti naman kung nagustuhan mo. Sagutin mo ang tanong sa susunod na gawain.



## Sagutin Natin Ito

Napakinggan mo ang *Ikaapat na Bahagi ng Tape, Mga Salawikain* at nabasa mo rin ito. Ngayon naman, kopyahin mo sa mga patlang sa ibaba ang kahit na limang salawikain man lamang na nabanggit sa kuwento.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. ______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 48.

Tama bang lahat ang iyong mga sagot? Kung tamang lahat ay may nalalaman ka na tungkol sa mga salawikain. Kung wala naman ay basahin at pakinggan mong muli ang kuwento nang sa gayon ay maintindihan mo ito. Sa mga susunod na mga gawain ay maiintindihan mo ang mga salawikaing ito. Ipagpatuloy mo ang pag-aaral.



## Subukan Natin Ito

Bilugan ang titik ng tamang kahulugan ng salawikain.

1. Habang maiksi ang kumot, matuto munang mamaluktot.
   Kung mahaba na at malapad, saka na mag-unat-unat.

   a. Hindi mo matatakpan ang paa mo kung maiksi ang kumot kaya bumili ka ng mahaba para hindi ka nakabaluktot.

   b. Lalamukin at giginawin ka kapag nagkumot ka ng maiksi.

   c. Kung ano ang mayroon ka ay pagkasyahin mo muna. Saka ka na lang gumasta nang malaki-laki kapag mas mayroon ka na ring mas maraming pera.

   d. Huwag kang matulad nang nakaunat ang paa mo kung maiksi rin naman ang kumot mo.

2. Hindi lahat ng kumikinang ay ginto
   Sapagkat may sarili ring kinang ang tanso.

   a. Mag-iingat ka parati at huwag magpapadala sa taong akala mo ay may mabuting kalooban. Maaaring ang taong iyon ay mabait lamang sa simula. Kilatisin mong mabuti kung ang sinasabi niya ay ang katotohanan.

   b. Huwag kang bibili ng alahas sa hindi mo kakilala. Baka ka maloko.

   c. Kung may mapulot kang makinang huwag ka kaagad mag-akalang ginto iyon. Baka mapeke ka lang.

   d. Ang ginto at tanso ay parehong makinang.

3. Bago ka pumuna ng uling ng iba, uling sa mukha mo'y pahirin mo muna.

   a. Tanggalin mo muna ang uling sa mukha mo bago mo tingnan ang uling sa mukha ng kaharap mo.

   b. Maghilamos ka muna bago ka makiharap sa ibang tao.

   c. Kakalat ang uling sa mukha ng ibang tao kapag ikaw ang nagpahid nito. Hayaan mong siya ang maglinis ng mukha niya.

   d. Bago ka magsalita nang kung anu-ano tungkol sa ibang tao, tingnan mo muna ang sarili mo't baka mas marami kang kapintasan.

4. Matalino man ang matsing, napaglalalangan din.

   a. Ang mga matsing ay matalino ngunit mas matalino sa kanila ang ibang hayop.

   b. Kahit gaano ka man katuso o katalino, mayroon pa ring mas matalino o tuso kaysa sa iyo.

   c. Ang matsing ay matalinong hayop na ayaw malamangan.

   d. Kahit matalino ang matsing, puwede pa rin siyang maloko.

5. Saan mang gubat ay may ahas.

   a. Lahat ng kagubatan sa Pilipinas ay tinitirhan ng mga ahas at iba pang mga hayop.

   b. Hindi nawawalan ng masasamang tao. Kahit saan ka magpunta ay may taong hindi mabuti ang kalooban.

   c. Ang mga gubat ay pinamamahayan ng mga ahas.

   d. Ang ahas ay magaling maglungga lalo na sa mga lugar na mapuno.

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 48–49.

Nakita mo na ba kung tamang lahat ang sagot mo? Nakuha mo ba ang ibig sabihin ng mga salawikaing nabanggit?

Ang kahulugan ng mga salawikain ay hindi nakikita sa literal na ibig sabihin nito. Mas malalim dapat ang pagbasa mo o pagbibigay kahulugan mo rito. Sa susunod na gawain ay subukin mong ilapat ang angkop na salawikain para sa sitwasyong babanggitin.



## Sagutin Natin Ito

Bilugan ang titik ng tamang salawikain para sa sitwasyon.

1. Pag-aralan mong mabuti ang ugali ng isang tao. Hindi dahil mabait ito sa una ninyong pagkikita ay talagang mabait ito. Huwag kang padadala sa matatamis na salita o mabuting pakita kaagad.

    a. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.

    b. Hindi lahat ng kumikinang ay ginto
    Sapagkat may sarili ring kinang ang tanso.

    c. Ang pagsasabi ng tapat, pagsasama ng maluwat.

    d. Saan mang gubat ay may ahas.

2. Ang batang laki sa layaw ay lalaking suwail, walang galang at walang pagpapahalaga sa kapwa niya.

    a. Ang pagsasabi ng tapat, pagsasama ng maluwat.

    b. Matalino man ang matsing, napaglalalangan din.

    c. Anak na hindi paluhain, ina ang patatangisin.

    d. Bago ka pumuna ng uling ng iba, uling sa mukha mo'y pahirin muna.

3. "Nay, gusto ko na pong bumalik sa inyo. Hirap na hirap na po ako sa buhay may-asawa."

    a. Akala ni Kapaho: ang pag-aasawa'y biro; kanin bagang isusubo't iluluwa kung mapaso.

    b. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.

    c. Hindi lahat ng kumikinang ay ginto
    Sapagkat may sarili ring kinang ang tanso.

    d. Saan mang gubat ay may ahas.

4. Sinabi ng lalaki ang totoo sa kanyang asawa na magbabago na siya at hindi na niya gagawin ang ginagawa niyang hindi maganda.

    a. Matalino man ang matsing, napaglalalangan din.

    b. Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.

    c. Saan mang gubat ay may ahas.

    d. Ang pagsasabi ng tapat, pagsasama ng maluwat.

5. Kahit kailan daw ay hindi niya magugustuhan ang lalaking iyon. Hindi raw niya tipo ito.

   a. Bago ka pumuna ng uling ng iba, uling sa mukha mo’y pahirin mo muna.

   b. Ang pagsasabi ng tapat, pagsasama ng maluwat.

   c. Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.

   d. Habang maiksi ang kumot, matuto munang mamaluktot
   Kung mahaba at malapad, saka na mag-unat-unat.

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 49.



## Pag-isipan Natin Ito

Ano ang masasabi mo tungkol sa mga salawikain at sawikain o idyoma? May pagkakapareho ba sila?



## Subukan Natin Ito

Pag-aralan mo ang mga larawan. Piliin ang salawikaing naaangkop sa mga larawan mula sa kahon sa ibaba.

| |
|---|
| Akala ni Kapaho: ang pag-aasawa’y biro; kanin bagang isusubo’t iluluwa kung mapaso. |
| Matalino man ang matsing, napaglalalangan din. |
| Saan mang gubat ay may ahas. |
| Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa. |

Isulat mo sa patlang sa ilalim ng mga komiks ang salawikaing naaangkop sa bawat larawan at sitwasyon.


Diyos ko, sana po ay yumaman ako.
Isang buwan na, bakit kaya hindi pa rin dinidinig ng Diyos ang aking panalangin?

1. ______________________________________________

______________________________________________


O, bakit ka nandito? Baka hanapin ka ng asawa mo.
Nay, ang hirap ho palang mag-asawa. Akala ko ay puro sarap.
Iyan na nga ba ang sinasabi ko sa iyo. Napakabata mo pa para mag-asawa. Hindi mo na matatalikuran yan, anak.
Parang hindi ko na ho kaya, Inay.

2. ______________________________________________

______________________________________________





3. ______________________________________________

______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 50.

Ngayon, kaya mo na bang makaisip ng salawikain sa pamamagitan lamang ng mga sitwasyong ibinibigay sa iyo? Kaya mo na kayang magbigay din ng sarili mong sitwasyon kung ibabatay sa salawikain?



## Alamin Natin

Ano nga ba ang salawikain? Ang **salawikain** ay bantog na matatandang kasabihang puno ng aral na maaaring maging gabay tungo sa tamang direksiyon sa pamumuhay. Ito ay nagpasalin-salin buhat sa ating mga ninuno. Kapupulutan ito ng mga kaalaman tungkol sa matatandang kaugalian, paniniwala, gawa at asal. Bahagi na ito ng ating kulturang pamana sa atin. Hindi natin ito dapat ipagsawalang-bahala o kaya ay kalimutan.

Ito ay magsisilbing tagapangalaga ng mayamang tradisyon ng mga Filipino. Makakukuha tayo rito ng mga payo tungkol sa ating pakikipagrelasyon sa ibang tao. Magsisilbi rin itong inspirasyon sa ating buhay upang makayanan natin ang lahat ng pagsubok at karahasan sa buhay.

Ang salawikain ay nagsisilbing larawang magtuturo sa atin o magsasabi sa atin ng katotohanang hindi dapat pagdudahan. Ang salitang ginagamit dito ay matatalinghaga at makahulugan. Karaniwan nang inihahalintulad ang tao sa isang bagay upang mailarawan ang aral na nais iparating. Hindi makukuha ang ibig sabihin nito sa pamamagitan ng pagkuha ng kahulugan ng bawat salitang bumubuo rito. Kailangan ay tingnan ang mas malalim na kahulugan nito. Ito ang pagkakatulad nila ng mga sawikain o idyoma.

Ang mga Filipino ay may koleksiyon ng mga salawikain. Ang iba nito ay hindi malaman kung saan nagmula, kung paanong nagsimula at kung sino ang nagpasimula. Maaaring dala ng mga dayuhan ang iba sa mga ito.

Mapapansing ang salawikain ay may tugma, nakasulat sa berso at may sukat. Ito ang dahilan kung bakit mas madali itong maitanim sa isip ng matanda man o bata.



## Subukan Natin Ito

A. Hanapin mo sa Hanay B ang mga sitwasyong naaangkop sa mga salawikaing nasa Hanay A. Isulat lang ang titik ng tamang sagot sa patlang na nakalaan.

**Hanay A**

_______ 1. Akala ni Kapaho:
ang pag-aasawa'y biro;
kanin bagang isusubo't
iluluwa kung mapaso.

_______ 2. Matalino man ang matsing
Napaglalalangan din.

_______ 3. Saan mang gubat
ay may ahas.

_______ 4. Bago ka pumuna
ng uling ng iba,
uling sa mukha mo'y
pahirin mo muna.

_______ 5. Ang pagsasabi ng tapat,
pagsasama ng maluwat.

**Hanay B**

a. Hindi ko siya pipintasan dahil mayroon din akong sariling kapintasan.

b. Mahirap mag-asawa. Marami itong kasamang responsibilidad. Kapag ikaw ay may asawa, hindi mo na ito matatalikuran.

c. Hindi ako magtatago ng impormasyon sa asawa ko upang maging lubos ang pagtitiwala niya sa akin. At gayundin siya sa akin. Dahil dito ay tatagal ang aming pagsasama.

d. Kahit saan ako makarating, dapat ay lagi akong mag-iingat dahil maraming taong masama ang kalooban.

e. Huwag kang manlalamang sa kapwa mo dahil isang araw ay babalik din sa iyong lahat ang ginawa mo at ikaw naman ang malalamangan.

f. Pag may ipon ka, kung kailangan mo ang pera, ay may makukuha ka.

B. Ngayon naman ay hanapin mo sa Hanay B ang katambal na salawikain ng mga sitwasyon sa Hanay A.

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| ______ | 1. Konting tiis na lang at maaabot ko na ang aking pangarap. | a. Tulak ng bibig, kabig ng dibdib. |
| ______ | 2. Anak, matuto kang mamuhay nang ayon sa iyong kinikita. Huwag kang waldas lalo na't hindi sapat ang pera mo para sa mga luho. | b. Anak na hindi paluhain, ina ang patatangisin. |
| ______ | 3. Palalakihin ko nang tama ang aking anak. Hindi lahat nang gusto niya ay makukuha niya, lalo na't ito'y makasasama sa kanya. | c. Habang maiksi ang kumot, matuto munang mamaluktot. Kung mahaba na at malapad, saka na mag-unat-unat. |
| ______ | 4. Sabi ng lola ko, huwag daw akong basta maniwala diyan kay Juan. Mukha nga siyang kagalang-galang pero hindi ko pa siya lubos na kilala. | d. Hindi lahat ng kumikinang ay ginto Sapagkat may sarili ring kinang ang tanso. |
| ______ | 5. Sabi siya nang sabi dati na ayaw niya raw yung babaeng 'yon dahil ang arte raw. Tapos, ngayon asawa na pala niya. | e. Pag dinaan sa tiyaga Maabot din ang nasa. |
| | | f. Saan mang gubat ay may ahas. |

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 50.

Nakuha mo ba ang ibig sabihin ng mga salawikain sa Hanay A at B? Kung hindi ay basahin mong muli ang pagsusulit at intindihin mong mabuti ang sinasabi ng mga ito.



## Basahin Natin Ito

Madali lamang intindihin ang mga salawikain lalo na't may mga sitwasyon o halimbawang ipinapakita kasabay ng pagbanggit sa mga ito. Kailangan lamang ay lawakan mo ang iyong pag-iisip at huwag mong tingnan o pakinggan ang mga ito batay sa isa-isang mga salitang nakapaloob sa salawikain. Dapat ay tingnan mo ang kabuuan ng salawikain. Huwag mong intindihin ito nang literal. Lagi mong isipin na ang mga bagay na nababanggit sa salawikain ay kumakatawan lamang sa totoong bagay gusto nitong tukuyin.

Narito ang isang halimbawa ng salawikain:

*Mabuti pa ang kubo*
*na ang nakatira ay tao;*
*Kaysa bahay na bato*
*na ang nakatira naman ay kuwago.*

Ano ang kahulugan ng salawikain?

Una, isipin mo ang kubo. Sino ba ang mga nakatira rito? Hindi ba't karaniwan nang ang mga maralita o mahihirap ang nakatira sa kubo. Pangalawa, isipin mo kung sino naman ang nakatira sa bahay na bato. Hindi ba't medyo may kamahalan ang mga bahay na gawa sa bato at semento? Kung gayon ang tinutukoy naman na nakatira sa bahay na bato ay ang mga mayayaman. Kaya't sa salawikaing ito inihahambing ang mga mahihirap sa mga mayayaman. Ang mga mahihirap umano ay mas totoong tao kaysa sa mga mayayaman na halos hindi mo na makita dahil sa taas ng bakod nila. Mapagmataas daw ang mga nakatira sa bahay na bato. Katulad din ng mga kuwago na malimit makita dahil ang mga ito naman ay sa gabi lamang lumalabas.



## Subukan Natin Ito

Ngayon ay subukan mong ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na mga salawikain:

1. Magsisi ka man at huli
   Wala nang mangyayari

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Kung sino ang umaako
Siyang napapako

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ako ang nagbayo
Ako ang nagsaing
Saka nang maluto'y
Iba ang kumain.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Ang kahoy na liko't baluktot
Hutukin habang malambot
Kung lumaki at tumayog
Mahirap na ang paghutok.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 50.



## Magbalik-aral Tayo

1. Ano ang salawikain? ______________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Magbigay ng sitwasyon upang maipaliwanag ang sumusunod na mga salawikain.

   a. Ako ang nagbayo
   Ako ang nagsaing
   Saka nang maluto'y
   Iba ang kumain.

Sitwasyon:

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

b. Kung sino ang umaako, siyang napapako.

Sitwasyon:

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 50.

## Tandaan Natin

Ang salawikain ay bantog na matatandang kasabihang puno ng aral na maaaring maging gabay tungo sa tamang direksiyon sa pamumuhay.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat sa patlang kung anong salawikain ang tinutukoy sa sitwasyon. Kunin mo ang sagot mula sa kahon na nasa ibaba.

| | |
|---|---|
| Magsisi ka man at huli<br>Wala nang mangyayari | Kung sino ang umaako<br>Siyang napapako |
| Pag dinaan sa tiyaga<br>Maabot din ang nasa. | Ako ang nagbayo<br>Ako ang nagsaing<br>Saka nang maluto'y<br>Iba ang kumain. |

1. *Boss*: Celso, tapusin mo na nga ang ulat na pinagagawa sa akin ng direktor.

   *Celso:* Opo, boss.

Pag-alis ng boss. Tatawagin ni Celso si . . .

*Celso:* Bert, sabi ni *Boss* gusto na raw niyang makita ang ulat na pinagagawa niya sa lalong madaling panahon.

*Bert*: Sige, Pare. Tatapusin ko ngayong hapon.

Nang matapos ang report:

*Celso*: *Boss*, tapos ko na ang report na pinagagawa ninyo.

*Boss*: Mabuti! Mabuti!

Salawikain:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. *Inay*: Anak, mag-aral kang mabuti. Yan lang ang puwede naming ipamana sa iyo.

*Lea*: Opo, Inay. Huwag kayong mag-alala. Gagawin ko pong lahat upang makatapos agad.

*Inay*: Salamat, anak.

Kasama ng mga barkada . . .

*Amelia*: Lea, di ba may *exam* kayo bukas sa isa mong klase?

*Lea*: Oo. Bayaan mo yon. Nag-aral na ako.

Kinabukasan . . .

*Lea*: Diyos ko. Ano nga ba ang sagot dito? Kung bakit kasi hindi ako nag-aral na lang. Lagot ako. Ano'ng gagawin ko? Babagsak ako sa klaseng ito kapag hindi ko ito naipasa.

Salawikain:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Sa miting sa opisina . . .

*Boss*: Bakit nangyari ito? Hindi ba't napag-usapan na natin ang dapat gawin dito? Paano na ngayon yan? Sinong mananagot?

Sa labas ng miting . . .

*Egay*: Pare, nakokonsensiya ako.

*Chito*: E, ano'ng gusto mong gawin? Aaminin mo. Gusto mo bang mapatalsik sa opisina? Saka, Pare, hindi ikaw ang dapat managot diyan. Alam mo kung sino?

*Egay*: Sino?

*Chito*: E, di yung nag-utos sa iyong gawin yon.

Salawikain:

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 51.

Nakuha mo bang lahat ang sagot sa pagsusulit? Mabuti, kung ganoon. Kung hindi naman, huwag kang mabahala. Pagbalik-aralan mo lang ang mga hindi mo naintindihan.



## Ibuod Natin

- Hindi dapat ipagwalang-bahala ang mga sawikain at salawikain dahil ito ay pamana ng ating lahi.
- Ang pagkakasunod-sunod ng mga salitang kabilang sa sawikain ay hindi dapat palitan o baguhin dahil pag nagkaganoon ay maiiba na ang kahulugan nito.
- Ang mga salawikain at sawikain o idyoma ay nagpasalin-salin mula sa bibig ng ating mga ninuno. Matalinghaga ang mga pananalitang ginagamit dito.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Palitan ng idyomang naaangkop sa pangungusap ang mga salitang may salungguhit. Piliin ang sagot sa mga idyomang nasa loob ng kahon.

| | |
|---|---|
| bulang-gugo | mahilig maglubid ng buhangin |
| matigas ang katawan | itaga mo sa bato |
| pag-iisang dibdib | naghalo ang balat sa tinalupan |

1. Huwag mong paniwalaan ang taong sinungaling.

   ______________________________

2. Tandaan mo, hinding-hindi na kita pauutangin ng pera.

   ______________________________

3. Marami siyang kaibigan dahil siya ay maluwag sa pera.

   ______________________________

4. Hindi aasenso sa kanyang negosyo si Arnel. Siya ay tamad.

   ______________________________

5. Ang kasal ng magsing-irog ay pinakahihintay ng kanilang mga kaibigan.

   ______________________________

B. Piliin mula sa kahon sa ibaba ang mga salawikaing naaangkop sa sitwasyong ilalarawan.

> Matalino man ang matsing, napaglalalangan din.
>
> Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.
>
> Ang kahoy na liko't baluktot
> Hutukin habang malambot
> Kung lumaki at tumayog
> Mahirap na ang paghutok.
>
> Saan mang gubat ay may ahas.
>
> Pag dinaan sa tiyaga
> Maabot din ang nasa.
>
> Mabuti pa ang kubo na ang nakatira ay tao;
> Kaysa bahay na bato na ang nakatira naman ay kuwago.

1. Nakatingin ang mga iskwater sa mayamang babaeng lumabas mula sa kanyang magarang sasakyan. Umirap lang ang babae at nagtakip ng ilong.

   Salawikain:

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Umiiwas na siya sa taong maaaring magpahamak sa kanya. Kaya lang kahit saan siya magpunta ay may mga taong katulad nila.

   Salawikain:

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ayoko diyan kay Lorna. Ang sungit-sungit. Akala mo, maganda. Kahit siya na lang ang babae sa buong mundo, hindi ko siya papatulan. Ano ko, bale?

   Salawikain:

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Malapit na ko nang matapos itong proyektong ginagawa ko para sa aking ama. Biruin mo, sinimulan ko ‘to tatlong taon na ang nakararaan. Hay, salamat!

   Salawikain:

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Turuan mo nga 'yang anak mo ng kabutihang asal habang bata pa siya. Tingnan mo, pag 'di mo itinama ang ginagawa niyan, kalalakhan niya yan. Sige ka!

   Salawikain:

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* na nasa pahina 51.

# Batayan sa Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2–3)*

A.

1. **(d)** ang tama. Ang lahat ng mga kahulugang nabanggit ay naaangkop sa mga sawikain. Hindi dapat piliin ang **(a), (b)** at **(c)** dahil hindi husto ang kahulugan ng idyoma kung isa lamang sa mga ito ang ating gagamitin.
2. **(c)** ang tama. Ang mga salawikain ay mga karunungan o kasabihan nagpasalindila sa mga salinlahi. Mali ang **(a).** Ang bugtong ay isang palaisipan. Hindi palaisipan ang salawikain. Mali ang **(b).** Ang idyoma ay iba sa salawikain. Mali ang **(d).** Ang salawikain ay hindi biro. Sa katunayan, seryoso ang pagkakasulat sa mga ito.
3. **(a)** ang tama. Ang idyoma o sawikain ay mga pariralang kailangan ay gamitin sa pangungusap upang magkaroon ng tunay na kahulugan. Mali ang **(b), (c)** at **(d)** dahil ang mga ito ay mga salawikain.
4. **(d)** ang tama. Ang salawikaing ito ay nagpapahayag ng buong kaisipan tungkol sa asal ng isang tao. Mali ang **(a), (b)** at **(c)** dahil ang mga ito ay mga idyoma.
5. **(b)** ang tama. Mali ang **(a).** Importante sa buhay nating mga Filipino ang idyoma at salawikain dahil marami tayong makukuhang aral sa mga ito lalo na tungkol sa matatandang kaugalian, paniniwala, asal at gawi. Mali ang **(c)** at **(d).** Ang mga ito ay isinulat hindi upang makaaliw o makapawi ng pagod kundi upang magsilbing aral sa atin.

B.

1. i
2. k
3. g
4. f
5. a
6. h
7. d
8. b
9. c
10. e

C.

1. d
2. c
3. a
4. f
5. b

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 9–10)*

1. **(b)** ang tama. Ang idyomang ito ay nangangahulugang walang mintis na matutupad ang sinabi ni Julia dahil pinaninindigan niya ito. Mali ang **(a), (c)** at **(d)** dahil literal ang interpretasyon ng mga ito sa idyoma.

2. (b) ang tama. Ang paglulubid ng buhangin ay paggawa ng mga kuwentong walang katotohanan o kuwentong puno ng kasinungalingan. Mali ang **(a)** dahil kasalungat nito ang ibig sabihin ng idyoma. Mali ang **(c)** dahil walang kaugnayan ang idyoma sa paglalaro sa buhanginan. Mali ang **(d)** dahil hindi pagpapatiwakal ang ibig sabihin ng idyoma.

3. **(d)** ang tama. Kapag ang isang tao ay natuka ng ahas, hindi siya masyadong naggagagalaw o kumikibo upang hindi kumalat ang lason sa katawan. Kaya't kapag ang idyomang ito ay ginamit, ang ibig sabihin nito ay hindi makakibo o nawalan ng lakas na magsalita. Mali ang **(a), (b)** at **(c)** dahil hindi ang mga ito ang tamang kahulugan ng idyoma.

4. **(b)** ang tamang sagot. Ang balitang kutsero ay nangangahulugang ang balita ay walang katotohan o hindi mapagkakatiwalaan. Mali ang **(a), (c)** at **(d)** dahil ang mga ito ay kabaligtaran ng ibig sabihin ng idyoma.

5. **(a)** ang tamang sagot. Ang ibig sabihin ay nagkagulo-gulo na. Hindi na magkaintindihan kung ano ang nangyayari katulad ng hindi na malaman kung ano ang balat at kung ano ang tinalupan. Mali ang **(b)** dahil literal ang kahulugan nito. Mali rin ang **(c)** at **(d)** dahil kabaligtaran ng mga ito ang ibig sabihin ng idyoma.

6. **(d)** ang tamang sagot. Ang pagtataksil sa asawa ay inihahalintulad sa paglalaro ng apoy. Kapag naglalaro ng apoy maaaring ikaw ay madarang, mapaso at masaktan. Ganoon din sa pagtataksil. Kapag ikaw ay nagtataksil, maaari ka ring madarang sa init at tuluyang masaktan kapag masyado ka nang nalapit sa iyong kalaguyo. Katulad ng paglalaro ng apoy, maaari ka ring mandamay ng iba, tulad halimbawa ng iyong asawa at anak na masasaktan sa iyong ginagawa. Mali ang **(a), (b)** at **(c).** Hindi ang mga ito ang kahulugan ng idyoma.

7. **(b)** ang tama. Ang taong bulang-gugo ay galante o nakahandang gumasta. Mali ang **(a), (c)** at **(d).** Ang mga ito ay hindi ang tamang kahulugan ng idyoma.

8. **(b)** ang tama. Ang taong makati ang dila ay yong daldalero o daldalera. Mali ang **(a), (c)** at **(d).** Walang sakit o singaw sa dila ang taong makati ang dila. Hindi rin niya nakakagat ang dila niya.

*Sagutin Natin Ito (pahina 12)*

Ang mga nakasulat sa ibaba ay halimbawa lamang ng iba pang mga idyoma. Maaaring iba ang iyong mga sagot kaysa sa mga nakasulat dito. Ipakita lamang sa iyong *Instructional Manager* ang mga sagot mo kung hindi ka sigurado sa mga ito.

| | Idyoma | Kahulugan ng Idyoma |
|---|---|---|
| 1. | alagad ng batas | mga taong tagapangalaga sa pagpapatupad sa mga batas; mga pulis, tiktik at iba pa. |
| 2. | balat-kalabaw | hindi marunong mahiya |
| 3. | kumukulo ang dugo | nagagalit; napupuot |
| 4. | ipinagtirik ng kandila | ipinanalangin |
| 5. | magdaraan sa ibabaw ng bangkay | hindi tutulutang mangyari ang isang bagay |
| 6. | maluwag ang turnilyo | parang luku-luko; kulang-kulang |
| 7. | nagbukas ng dibdib | nagtapat ng niloloob; nagtapat ng pag-ibig |
| 8. | plastik | mapagkunwari; pakitang-tao |
| 9. | taingang kawali | bingi o kaya'y nagbibingi-bingihan |
| 10. | walang bahid | may malinis na pagkatao |

*Magbalik-aral Tayo (pahina 12–13)*

1. naghalo ang balat sa tinalupan
2. balitang kutsero
3. bulang-gugo
4. naglulubid ng buhangin
5. naglalaro ng apoy

*Subukan Natin Ito (pahina 14–16)*

1. **(a)** ang tama. Ang pag-iisang dibdib ay nangangahulugang pagpapakasal. Mali ang **(b), (c)** at **(d).** Hindi ang mga ito ang ibig sabihin ng idyoma.
2. **(a)** ang tama. Ang mga anghel ay parang maliliit na mga bata. Mali ang **(b), (c)** at **(d).** Ang mga batang salbahe, malilikot at magugulo ay hindi katulad ng mga anghel na mababait.

3. **(c)** ang tama. Ang pugad ay tahanan ng mga ibon. Ang sariling tahanan ay inihahalintulad sa isang pugad dahil dito ay kumportable ang tao at dito siya naninirahan. Mali ang **(a)** at **(b).** Ang sariling pugad na tinutukoy ay tahanan ng mga tao ay hindi ng mga hayop. Mali rin ang **(d)** dahil ang kuwarto ay parte lamang ng isang bahay. Ang pugad ay parang isang buong bahay.

4. **(d)** ang tama. Sinasabing may utang-na-loob ka sa isang tao kapag ikaw ay ginawan niya ng mabuti. Mali ang **(a), (b)** at **(c)** dahil hindi nasusukat ng anumang bagay o pera ang utang-na-loob.

5. **(b)** ang tama. Ang aso't pusa ay dalawang hayop na hindi magkasundo. Ang mga taong hindi magkasundo ay inihahalintulad sa kanila. Mali ang **(a).** Hindi lamang ang laki ng mga hayop na ito ang inihahalintulad kundi ang ugali nila. Mali ang **(c).** Hindi lamang sa hindi nagbibigayan ang aso't pusa kundi parati silang nagbabangayan. Mali ang **(d).** Hindi lamang paghahabulan ang ginagawa ng mga aso't pusa.

6. **(d)** ang tama. Ang pag-aalsa balutan ay tumutukoy sa paglalayas. Mali ang **(a).** Dati ang ibig sabihin nito ay ang pagpapalipat-lipat ng tirahan. Ngayon iba na ang kahulugan nito. Yon nga ay ang paglalayas. Mali ang **(b)** at **(c).** Hindi pagbabalot ng pagkain o damit ang kahulugan nito.

7. **(c)** ang tama. Ang literal na kahulugan ng pagbubuhat ng kamay ay pagtataas ng kamay upang saktan o paluin ang kapwa-tao. Ngayon ay pagbubuhat na lamang ng kamay ang ginagamit. Mali ang **(a), (b)** at **(d).** Ang pagbubuhat na tinutukoy ay hindi ang pagtatrabaho o pag-akay.

8. **(b)** ang tama. Ang pagbabagong-loob ay tumutukoy sa pagpapalit ng niloloob o ugali. Mali ang **(a), (c)** at **(d).** Hindi panlabas na kaanyuan ang tinutukoy ng idyoma.

*Makinig Tayo (pahina 16–17)*

Maaaring hindi katulad ng aking pangungusap ang iyong mga isinulat na pangungusap. Kung hindi ka sigurado sa iyong isinulat ay ikonsulta mo ang mga sagot mo sa *Instructional Manager.*

1. Sawikain: <u>parang aso't pusa</u>

   Pangungusap: <u>Parang aso't pusa ang magkapatid na iyan. Hindi lumilipas ang araw nang hindi sila nag-aaway.</u>

2. Sawikain: <u>utang-na-loob</u>

   Pangungusap: <u>May utang-na-loob si Herman kay Lydia dahil tinulungan siya nitong makapasok sa trabaho.</u>

3. Sawikain: pinagbuhatan ng kamay

   Pangungusap: Ni minsan ay hindi pinagbuhatan ng kamay ni Zoilo ang kanyang asawa kahit na napakabungangera nito.

4. Sawikain: nagbabagong-loob

   Pangungusap: Nagbabagong-loob na si Daisy dahil napagpasiyahan niyang mag-aral na muli.

5. Sawikain: nag-alsa balutan

   Pangungusap: Nag-alsa balutan si Maria nang mapuno na siya sa kanyang asawang ubod ng tamad.

*Sagutan Natin Ito (pahina 19)*

| | |
|---|---|
| 1. b | 7. f |
| 2. e | 8. h |
| 3. a | 9. m |
| 4. j | 10. l |
| 5. i | 11. g |
| 6. c | 12. d |

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 21)*

A.
1. malaking isda
2. nagsaulian ng kandila
3. naglubid ng buhangin
4. matigas ang katawan
5. bulang-gugo

B.
1. naumid ang dila
2. naglulubid ng buhangin
3. umalon ang dibdib
4. pag-iisang dibdib
5. bukambibig

## C. Aralin 2

*Sagutin Natin Ito (pahina 26–27)*

1. Akala ni Kapaho: ang pag-aasawa'y biro; kanin bagang isusubo't iluluwa kung mapaso.
2. Matalino man ang matsing, napaglalalangan din.
3. Saan mang gubat ay may ahas.
4. Bago ka pumuna ng uling ng iba, uling sa mukha mo'y pahirin mo muna.
5. Ang pagsasabi ng tapat, pagsasama ng maluwat.
6. Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.
7. Anak na hindi paluhain, ina ang patatangisin.
8. Habang maiksi ang kumot, matuto munang mamaluktot.
   Kung mahaba na at malapad, saka na mag-unat-unat.
9. Hindi lahat ng kumikinang ay ginto
   Sapagkat may sarili ring kinang ang tanso
10. Pag dinaan sa tiyaga
    Maaabot din ang nasa.

*Subukan Natin Ito (pahina 27–28)*

1. **(c)** ang tama. Ang salawikaing ito ay tungkol sa pagtitipid habang ang isang tao ay kapos sa pera. Kapag nakaluluwag-luwag naman ay puwede nang gumasta ulit kahit konti para sa mga luho. Mali ang **(a), (b)** at **(d)** dahil literal ang pagkakasaad sa kahulugan nito.
2. **(a)** ang tama. Ang salawikaing ito ay nagpapaalala sa mga taong madaling magtiwala. Hindi lahat ng taong makikilala mo ay mabait. Dapat kilatisin mo muna sila, katulad ng alahas, dahil baka ka lokohin o pagsamantalahan. Mali ang **(b), (c)** at **(d).** Inihahalintulad lamang ang taong mabuti ang kalooban sa ginto at ang masamang tao sa tanso.
3. **(d)** ang tama. Ang uling na tinutukoy ay ang kapintasan. Bago ka mamintas ay tingnan mo muna ang sarili mo't baka mas marami kang kapintasan kaysa sa taong pagsasabihan mo nito. Mali ang **(a), (b)** at **(c)** dahil hindi talaga uling ang pinag-uusapan sa salawikaing ito. Inihahalintulad lamang ang kapintasan sa uling.

4. **(b)** ang tama. May lumang kuwento tungkol sa isang matsing at isang pagong. Ang matsing ay tuso kaya't gusto niyang maisahan ang pagong. Subalit mas matalino ang pagong kaya't siya ang nakaisa sa matsing. Ngayon, ang taong tuso ay binabansagang matsing. Mali ang **(a), (c)** at **(d)** dahil literal ang pakahulugan sa kuwento.

5. **(b)** ang tama. Ahas ang bansag sa isang taong masama ang kalooban o kaya ay yong taong traydor. Sinasabing kahit saan ka pumunta ay mayroong mga traydor o masama ang kalooban. Mali ang **(a), (c)** at **(d)** dahil literal ang pakahulugan sa kuwento.

*Sagutin Natin Ito (pahina 29–30)*

1. **(b)** ang tama. Mag-ingat sa mga taong hindi mo gaanong kakilala dahil baka nagbabalatkayo lamang sila. Maaaring sa simula ay maganda ang pakikitungo nila sa iyo pero kapag nakuha na nila ang pagtitiwala mo ay lilitaw na ang tunay na ugali nila. Mali ang **(a).** Hindi angkop ang salawikaing ito sa sitwasyon. Ito ay nagsasaad na hindi mo dapat ipagpaubayang lahat sa Diyos. Kailangan ay magtrabaho ka rin. Mali ang **(c).** Kapag tapat at totoong lahat ang sinabi mo sa isang kaibigan, lalo kayong mapapalapit sa isa't isa. Mali ang (d). Ang ibig sabihin nito ay mag-ingat parati dahil kahit saan ka pumunta ay may mga taong masasama ang kalooban.

2. **(c)** ang tama. Kapag ibinigay lahat ang layaw ng bata kahit ito ay mali, hindi niya matututuhan ang tamang landas. Kalalakhan niya ang ganitong sitwastyon. Mali ang **(a), (b)** at **(d).** Hindi angkop ang mga salawikain sa sitwasyon. Ang ibig sabihin ng **(a)** ay ang pagtatapat ay nakabubuti sa isang relasyon. Ang **(b)** naman ay nangangahulugang kahit gaano ka katuso ay mayroon ka ring katapat. Ang ibig sabihin ng **(d)** ay huwag kang pintas nang pintas dahil may kapintasan ka rin.

3. **(a)** ang tama. Maraming nag-aakala na madali lang ang pag-aasawa. Mali sila. Kapag nag-asawa ang isang tao ay kailangang pangatawanan na niya ito hanggang sa libingan. Mali ang **(b), (c)** at **(d).** Hindi angkop ang mga salawikain sa sitwasyon.

4. **(d)** ang tama. Kapag walang pag-iimbot at buong katapatan ang pagsasamahan ay malayo ang mararating nito. Buo ang pagtitiwala ng bawat isang tao sa kanyang kasamahan. Mali ang **(a), (b)** at **(c).** Hindi angkop ang mga salawikain sa sitwasyon.

5. **(c)** ang tama. Ang ibig sabihin ng salawikain ay iba ang sinasabi ng isang tao kaysa sa kanyang niloloob. Hindi siya matapat sa kanyang sarili. Angkop ito sa sitwasyon. Mali ang **(a), (b)** at **(d)** dahil hindi angkop ang mga salawikain sa sitwasyon.

*Subukan Natin Ito (pahina 30–32)*

1. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.
2. Akala ni Kapaho: ang pag-aasawa'y biro; kanin bagang isusubo't iluluwa kung mapaso.
3. Matalino man ang matsing, napaglalalangan din.

*Subukan Natin Ito (pahina 33–34)*

| A. | | | B. | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 1. | b | | 1. | e |
| | 2. | e | | 2. | c |
| | 3. | d | | 3. | b |
| | 4. | a | | 4. | d |
| | 5. | c | | 5. | a |

*Subukan Natin Ito (pahina 35–36)*

1. Kapag ikaw ay pinangangaralan at sinasabihang huwag mong gawin ang isang bagay dahil ito ay hindi magbubunga ng mabuti, makinig ka lalo na kung matanda ang nagsasabi sa iyo. Kapag hindi ka nakinig at masama ang nangyari, huli na kahit magsisi ka dahil hindi mo na maibabalik ang nakaraan.
2. Kadalasan sa bahay (o kahit saanman), kapag mayroong nagawang pagkakamali ay tinatanong kung sino ang may kasalanan. Kung sino ang siyang umamin ay 'yon ang parurusahan dahil inako niya ang pagkakamali.
3. Noong araw ay binabayo muna ang palay bago ito maging bigas. Mahirap na gawain ito. Ngayon pag sinabing ako ang nagbayo at nagsaing ang ibig sabihin ay naghirap muna ako. Pagkatapos ng hirap ay iba naman ang kakain. Ang ibig sabihin nito ay iba ang makikinabang. Kaya't ang salawikain ay nangangahulugang iba ang naghirap subalit iba ang nakinabang.
4. Ang kahoy ay naglalarawan sa isang bata. Habang ito ay maliit pa at madaling hubugin ay gawin na ang nararapat dahil kapag lumaki na ito ay titigas na ang ulo nito at hindi mo na mapapasunod ito.

*Magbalik-aral Tayo (pahina 36–37)*

1. Ang salawikain ay matatandang kasabihang puno ng aral na maaaring maging gabay tungo sa tamang direksiyon sa pamumuhay.
2. Ang sagot ay depende sa mag-aaral. Ipakita ang iyong mga sagot sa *Instructional Manager* upang malaman mo kung tamang lahat ang iyong sagot.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 37–39)*

1. Ako ang nagbayo
   Ako ang nagsaing
   Saka nang maluto'y
   Iba ang kumain.

2. Magsisi ka man at huli
   Wala nang mangyayari

3. Kung sino ang umaako
   Siyang napapako

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 40–42)*

A. 1. mahilig maglubid ng buhangin
   2. itaga mo sa bato
   3. bulang-gugo
   4. matigas ang katawan
   5. pag-iisang dibdib

B. 1. Mabuti pa ang kubo na ang nakatira ay tao;
      Kaysa bahay na bato na ang nakatira naman ay kuwago.
   2. Saan mang gubat ay may ahas.
   3. Tulak ng bibig, kabig ng dibdib.
   4. Pag dinaan sa tiyaga
      Maabot din ang nasa.
   5. Ang kahoy na liko't baluktot
      Hutukin habang malambot
      Kung lumaki at tumayog
      Mahirap na ang paghutok.

## Talahuluganan

**Idyoma o sawikain** isang pagpapahayag na may kakaibang kahulugan kaysa sa literal o tahasang pahayag at kusang nalinang at nabuo sa lingguwaheng Filipino.

**Salawikain** bantog na matatandang kasabihang puno ng aral na maaaring maging gabay tungo sa tamang direksiyon sa pamumuhay.

## Mga Sanggunian


Canonigo, Cristina S. 1996. *Mga Bugtong, Salawikain, Sawikain at mga Piling Tula (Book-I).* Cebu City: Palinsad General Merchandise.

de Guzman, R. R. 1993. *Mga Kasabihan at Salawikaing Pilipino (Para sa Mag-aaral).* Tondo, Manila: Arenar Books Marketing.

Mateo, R. R. 1996. *Gabay sa Panitikang Filipino (Para sa Mag-aaral) Unang Aklat.* Tondo, Manila: Arenar Books Marketing.

Sebastian, Federico B., at Mariano, Antonio D.G. 1954. *Idiomatic Expressions in Pilipino.* Quezon City: Publishers' Printing Press.

Silverio, Julio F. 1997. *Mga Sala-Salawikain.* Las Piñas City: M & L Licudine Enterprises.